# العقيقة أحكام و شروط باللغة الفلبينية
# MGA KATURUAN SA AQEEQAH

**Sumailalim sa pamamahala ni:**
**Shaykh Haitham bin Muhammad Sarhan حفظه الله**

**Dating Guro sa Mahad Haram sa Al-Masjid An-Nabawiy – Tagapangasiwa ng Mahad As-Sunnah**

MAHADSUNNAH.COM ALSARHAAN.COM

Sa turo ng Islam ay may tinatawag na Aqeeqah at ito ay pagpapakatay ng alay para sa bagong sanggol na isinilang, ito ay upang mas mapalapit sa Allah ﷻ at tanda ng pagpapasalamat sa biyaya ng pagkakaroon ng anak.

At ayon sa napagkasunduan ng karamihan ng iskolar sa Islam, ang hatol dito ay inirerekomenda na turo ng Propeta Muhammad ﷺ . At ito ay katulad ng sinabi ng Propeta Muhammad ﷺ na para sa isang sanggol na lalaki ay dalawang tupa at isang tupa naman sa sangol na babae.

Kondisyon na ang hayop na iaalay ay nasa saktong gulang, ang tupa ay nasa ikaanim na buwan o mas matanda, ang kambing naman ay isang taon pataas.

Hindi maaari na ang karne o balat nito ay ibenta, ito ay dapat nasa maayos na kalagayan, hindi maaari na ito ay bulag, pilay, may sakit o sobrang payat.

Magsisismula ang Aqeeqah pagkatapos lamang ipanganak ang bata at hindi pinahihintulutan na magkatay para sa bata bago pa ito ipanganak.

Pwedeng magkatay sa ikapitong araw ng pagkasilang sa bata, kapag hindi posible, sa ika-apatnapung araw, kapag hindi parin posible, sa ikadalawampu't-isang araw ng pagkasilang sa bata.

Sinabi ng Propeta Muhammad ﷺ :" Lahat ng sanggol na ipinanganak, at magkakatay para dito, ito ay gawin sa ikapitong araw ng sanggol, sa mismong araw siya rin ay bibigyan ng pangalan, gugupitan ng buhok". at ang timbang ng buhok ay maaaring ibigay katumbas ng ginto bilang kawanggawa.

Ang makakatay na hayop ay maaaring kainin, iregalo o ibigay bilang kawanggawa, ito ay maluwag, maaari rin na ang karne ay ibigay na hilaw o luto ngunit ang luto ay mas mainam, dahil ito ay mas malaking gantimpala at pagpapasalamat sa biyaya.

*والله تعالى أعلم...*